AKLATANG-MUSIKA ONLAYN

# NEWSLETTER

Isyu Blg. 02-2024 Hulyo-Disyembre 2024

Ang Aklatang Musika Onlayn ay may mga layuning magtampok ng mga sumusunod: Filipiniana sheet music; donasyong aklat at iba pang manuskrito na may temang Filipiniana; at mga mahahalagang kaganapan sa loob at labas ng aklatan ng Kolehiyo ng Musika.

## MUSIC LIBRARY MATINÉE SERIES

Sheree Ann V. Laguatan



Mula sa kaliwa: Janet Parcon, Deil Carandang, Atty. Edlyn Verzola-Jimenez, U.P. Pres. Angelo A. Jimenez, Josephine Cecilia Baradas, Sheree Ann Laguatan, at Jomar Haz.



Nobyembre 25, 2025 Library Matinee Series

Noong buwan ng Hulyo hanggang Disyembre 2024, idinaos ang Library Matinée Series kung saan ipinakita ng mga piling mag-aaral ang kanilang mga talento sa pakikipagtulungan ng mga Departamento sa Kolehiyo katulad ng Tinig Pantiatro, Musika at Sayaw; Kuwerdas; Tiklado; Teorya at Komposisyon; at ang Winds at Perkusyon. Ang mga pagtatanghal ay ginanap sa Silid-Aklatan ng Musika.

› *pahina 2*

## RMEkot

Sheree Ann V. Laguatan

Ang U.P. Information Services and Instruction Section (ISaIS) ay bumuo ng programang RME-kot (*Research Made Easy*) bilang oryentasyon sa pagbibigay kaalaman sa mga mag-aaral at guro hinggil sa mga iba't-ibang subskripsyon ng *database*. Hinihikayat din nito ang kasanayan upang epektibong gamitin ang mga mapagkukunan at serbisyo ng aklatan upang suportahan ang kanilang mga pangangailangan sa pag-aaral at pananaliksik. Isa ang Kolehiyo ng Musika na nakibahagi sa programa na ginanap noong Oktubre 7, 2024. Naging tagapagsalita sina Bb. Jessica M. Tumlos at Bb. Yedda Marynel U. Arce.







# MUSIC LIBRARY MATINÉE SERIES

Sheree Ann V. Laguatan



Mula sa kaliwa: Prop. Rica Nepomuceno, Sheree Ann Laguatan, at Deil Carandang



Mula sa kanan: Sheree Ann Laguatan, Dr. Michelle C. Nicolasora, at Deil Carandang

*> mula sa pahina 1*

Ang proyektong ito ay nagsimulang inorganisa para sa aklatan na inaprubahan ni Dekano Ma. Patricia B. Silvestre sa pangunguna nina Bb. Sheree Ann V. Laguatan (Punong Laybraryan), Prop. Rica L. Nepomuceno, (fakulti mula sa Departamento ng Tinig Panteatro, Musika at Sayaw), at si G. Deil Martin T. Carandang (Laybraryan I). Ang tanging layunin ng proyektong ito ay maitaguyod ang suporta ng Aklatan sa pagpapahusay ng kultural na programa at sining ng musika. Nilalayon din nito na maisulong at maibahagi ang iba't ibang likhang piyesa at komposisyon ng mga Filipinong kompositor. Nais nitong mabigyan ang komunidad ng mga karanasang pangmusika habang binibigyang-diin din ang mahalagang papel na ginagampanan ng aklatan sa pagbibigay kapangyarihan sa mga indibidwal at pagsuporta sa pagkamalikhain.

## Mga Ensayo bago ang Paglulunsad ng Library Matinée Series











Rica L. Nepomuceno, Joseph Daniel S. Ramos, Althea Linelle D. Domngal, Ysabela Beatrice T. Austria, John Karlo C. Dela Cruz, Dr. Michelle C. Nicolasora

**Ang mga tema sa pagtatanghal ay ang mga sumusunod:**

## Buwan ng Wika: Tugtugin ng Pagmamahal

**August 20, 2024**

Sheree Ann V. Laguatan

Ang unang serye ng *Music Library Matinée* ay matagumpay na inilunsad bilang sorpresa sa unang araw ng pasukan Akademikong Taon 2024-2025. Ipinagdiwang ng kaganapang ito ang wika at pamana ng Filipino na nagtatampok ng musikang naglalaman ng mga tema ng pag-ibig at nasyonalismo.
















**Mga Nagtanghal:**

Joseph Daniel S. Ramos, Tenor
Althea Linelle D. Domngal, Soprano
Ysabela Beatrice T. Austria, Piano
John Karlo C. Dela Cruz, Flute
Dr. Michelle C. Nicolasora, Piano (Fakulti)

**Repertoryo:**

Bituing Marikit (Nicanor Abelardo), Dahil sa isang bulaklak (Leopoldo Silos), Hangin (Ernani Cuenco), Malungkot ang Maya (Jose A. Estella), Nabasag ang Banga (Leon Ignacio), Sa Kabukiran (Manuel P. Velez), Bayan Ko (Constancio de Guzman), Ganyan pala ang pag-ibig (Ernani Cuenco), Minamahal Kita (Mike Velarde, *Nocturne in G major* (Rodolfo Cornejo), Panagimpan (Jun Cadiz, Jr).

## Abelardo-on-Abelardo

**September 13, 2024**

Sheree Ann V. Laguatan

Isang pagpupugay sa kontribusyon ng Filipinong kompositor na si Nicanor Abelardo ay ang kundiman. Naging panauhing pandangal sina U.P. Pres. Angelo A. Jimenez at Atty. Edlyn Verzola-Jimenez at kasama ang kaniyang mga bisita. Naroon din sina Dekano Ma. Patricia Brillantes-Silvestre, Dr. LaVerne de la Peña, Dr. Jonas Baes, at iba pang mga fakulti. Nakadalo rin si Gng. Eva Cadiz (Administratibong Opisyal), ilang kawani, at mga estudyante mula sa iba't ibang kolehiyo.










**Mga Nagtanghal:**

Aliya Margaret T. Tablante, Violin
Eldrick Harold V. Margarejo, Tenor
Laurenzo R. Ardan, Baritone
Marius Henric F. Mallonga, Tenor
Daniella G. Silab, Soprano
Prop. Raymond Leslie I. Diaz, Baritone (Fakulti)
Prop. Albert Napoleon J. Roldan, Piano (Fakulti)

**Repertoryo:**

*Nocturne in C minor*, *Amorosa*, Kenkoy, Kundiman ng Luha, Kung Hindi Man, Himutok, Sa Silong ng Langit, Bituing Marikit, *Cavatina*, Mutya ng Pasig, Nasaan ka Irog, UP Naming Mahal, at Magbalik ka, Hirang.

## International Music Day
## October 1, 2024

Sheree Ann V. Laguatan

Isang pandaigdigang pagdiriwang ng musika na nagbibigay-diin sa unibersal na kapangyarihan ng musika upang pag-isahin ang magkakaibang kultura at komunidad. Napuno ang seryeng pang-Oktubre ng mga manonood hindi lamang mula sa Kolehiyo ng Musika ang nakadalo pati na rin ang ilang alumni na galing sa ibang paaralan na nakaalam sa aming programa.
















**Repertoryo:**

Ugayam at Tongali, *Prelude in C-sharp minor, Op. 3, No. 2* (Sergei Rachmaninoff), *Première Danse* (Jacques Normand) Jules Massenet, *Recuerdos de la Alhambra* (Francisco Tarrega), *Del Cabello mas Sutil* (Fernando Obradors), *Valseana* (Sergio Assad), *Go Ye My Canzonets* (Thomas Morley), *Bouree* (Johann Sebastian Bach), Mutya ng Pasig (Nicanor Abelardo), Awit ng Ibon (Jonas Baes), Malikmata (Antonio Molina).

**Mga Nagtanghal:**

Ricardo Juanito Balledos, Guitar
Paul Arjay M. Manlapig, Guitar
Althea Linelle D. Domngal, Soprano
James Dan C. Gazmin, Tongali
Andrey D. Sto Domingo, Countertenor
David Dino S. Guadalupe, Blockflote
Ralph Patrick G. Arevalo, Flute
J'Carl A. Justo, Piano
Vyktoria Therezze V. Bayle, Soprano
Albert Inocencio U. Lesaca, Piano
























## 34th Library and Information Services Month: Libvocacy – Unity Towards Inclusive and Empowered Libraries
## November 25, 2024

Sheree Ann V. Laguatan

Bilang bahagi ng taunang pagdiriwang ng mga aklatan at mga serbisyo ng impormasyon, ang kaganapang ito ay magbibigay-diin sa papel ng mga aklatan sa pagpapaunlad, pagbibigay-kapangyarihan, at pagkakaisa sa pamamagitan ng musika at adbokasiya. Naging bahagi rin sina Prop. Angela L. Baguilat at Desiree P. Medina sa pagpapaliwanag tungkol sa sayaw.

**Repertoryo:**

*Improv, Suite Bergamasque, Prélude I.* (Claude Debussy), Habang Ako ay May Buhay (Ernani Cuenco), *O Mio Babbino Caro* (Giacomo Puccini), Aling Pag-ibig Pa (Music by: Ding Achacoso; Text: Jose "Pete" Lacaba, based on Bonifacio's Poem Pag-Ibig sa Tinubuang Lupa), *Rainbow Ripple Jazz Fox Trot* (George Hamilton), *Green Etude 5* (Morris Goldenberg), *Sleeping Beauty's Bluebird Variation* (Pyotr Ilyich Tchaikovsky), *Dance of the Cygnets From The Ballet "Swan Lake"* (Pyotr Ilyich Tchaikovsky), *Excursions Op. 20* (Samuel Barber)

**Mga Nagtanghal:**

Hannah Korin D. Castillo, Soprano
Harrah Kay D. Castillo, Soprano
J'carl A. Justo, Piano
Samuel A. Silvestre, Piano
Joshua C. Dimayuga, Percussion
Jonathan O. Francisco, Percussion
Carlo Luise S. Señeres, Dance
Ma. Lourdes B. Endoma, Dance
Sowoon S. Park, Dance
Andrea Frances Mineses, Dance
Paula Zen B. Espinola, Dance
Gabrielle Caitlin Leigh P. Chavez, Dance

## NAMCYA 2024 Winners
## December 11, 2024

Sheree Ann V. Laguatan

Sa pagwawakas ng unang serye ng Library Matinée, ang inihandog na pagtatanghal ay mula sa mga lumahok na mag-aaral na nanalo mula sa National Music Competitions for Young Artists (NAMCYA).

**Repertoryo:**

*Dance of the Sugarplum Fairy from "The Nutcracker"* (Pyotr Ilyich Tchaikovsky), *Rêves, no. 3* (Bedrich Smetana), *The Black Decameron* (Leo Brouwer), *The Harp of the Warrior* (Leo Brouwer), *The Flight of the Lovers through the Valley of Echoes* (Leo Brouwer), *The Ballad of the Maiden in Love Poeme* (Carmencita G. Arambulo), Kundiman (Nicanor Abelardo), Sa Kabukiran (Manuel Velez), *Carol of the Bells* (Mykola Leontovych)








Mula sa kaliwa: Deil Carandang, Prop. Rica Nepomuceno, John Walter Sacley, IO Aristotle Calica, RJ Balledos, Dr. Clement Acevedo, Sheree Ann Laguatan, Josephine Cecilia Baradas, Jomar Haz, Dr. Arwin Tan, at Marie France Ballester.

## 45th Manila International Book Fair

Nakilahok ang mga kawani ng Aklatan ng Musika na sina Bb. Sheree Ann V. Laguatan, at G. Deil Martin T. Carandang sa nakaraang *45th Manila International Book Fair (MIBF)* kasama ang dalawang guro na sina Prop. Rica L. Nepomuceno at Prop. Luci Magalit. Sila ang mga kinatawan para piliin at suriin ang mga angkop na aklat sa koleksyon ng kani-kanilang mga departamento. Ang *Book Fair* ay ginanap sa MOA SMX Convention Center, Pasay City noong Setyembre 11, 2024.










## Teknikal Seksyon

Sheree Ann V. Laguatan





Nakatulong ang walong (8) istante mula sa College of Law Library sa Technical Section kung saan ginagawa ang proseso ng pagkakatalog at pagkaklasipika ng mga materyal kabilang ang mga aklat, piyesa, at mga audio-biswal na natanggap ng aklatan mula sa mga nabili at donasyon.

Si Bb. Janet L. Parcon bilang Administrative Aide ng Aklatan ng Musika ay kasalukuyang namamahala sa paglilista ng mga natanggap na donasyon: pag-aksesiyon, pag-*encode*, at pagtatatak ng pagmamay-ari ng aklatan.

# Publikasyon ng mga Fakulti







Title: ***Likha Rondalya***
Call Number: ***MT 259 M37 2022***

Ang donasyong aklat mula kay Dr. Marie Jocelyn U. Marfil mula sa Departamento ng Teorya at Komposisyon ay may pamagat na "Likha Rondalya" (2022). Ito ay naglalaman ng mga orihinal na gawa at pagsasaayos para sa Rondalla. Inilimbag ito ng *National Commission for Culture and the Arts (NCCA)* sa tulong ng *U.P. Office of the Vice Chancellor for Research and Development (OVCRD).*






*Virtual Implosion, Baes 2022 (Berlin)*



Dalawang malikhaing gawa na manuskritong pangmusika ni Dr. Jonas U. Baes ang itinanghal sa Berlin, Alemanya noong ika-26 ng Oktubre 2022 na pinamagatang "Virtual Implosion" para sa flute, clarinet, piano, percussion, violin at cello na may kasamang ibang instrumento, audio, at bidyo. Ang ikalawang tugtugin ay ang "Manifesto on the Two-colored River" (Lübeck) na ginanap noong sumunod na taon (Oktubre 27, 2024). Ang kopya ng manuskrito ay matatagpuan sa Filipiniana seksyon ng aklatan.

**Virtual Implosion, 2022**
Jonas Baes
*https://www.youtube.com/watch?v=4nmcGzmvMHg*





Isa sa natatanging donasyon (*Documentary Films for Philippine Humanities*) sa aklatan na sinaliksik at sa direksyon ni Dr. Jose S. Buenconsejo ay pinamagatang "Music Cultural Flows and Exchanges in Pulangi River, Maguindanao: The Making and Circulation of Gongs and Bamboo Music and Verbal Arts along the Pulangi-Cotabato River (2023)." Ito ay Research Grant Output na pinondohan ng *National Research Council of the Philippines (NRCP)*. Mga nilalaman: Vol. 1 Si Tokan: Ang Manggagawa ng Kulintang sa Maguindanao Ilaya; Vol. 2 Ang Kapitana: *Women in Traditional Teduray Music* and Ritual; Vol. 3 *Water of the Mountains: Myth, Song, and Divination of the* Obo, Manobo Dulangan, and Tboli in Sultan Kudarat, Mindanao; Vol. 4 Karatuan: Kudyapiq sa Lumang Maguindanao.

***Seleksiyon at Akwisisyon***




Kabilang sa mga nabiling libro at piyesa ay ang mga rekomendadong titulo mula sa mga fakulti kagaya ng mga sumusunod: "Bach: Concerto for 2 Violins in D Minor" (*arr. for string quartet*) John Sebastian Bach (2019); "Sining at kamalayang Pilipino na maka-tao" ni Nicanor G. Tiongson, editor (2022); "Classical Guitar Pedagogy: A Handbook for Teachers" Anthony Glise (1997); "Popular World Music" Andrew C. Shahriari (2018); "World Music Pedagogy: Choral Music Education" Vol. V Sarah J. Bartolome (2019); "World Music Pedagogy: School-Community Intersections" Vol. VI Patricia Shehan Campbell and Chee-Hoo Lum (2019); and "World Music Pedagogy: Teaching World Music in Higher Education Vol. VII William J. Coppola, David G. Hebert and Patricia Shehan Campbell (2021). Ito ay naproseso na at maari ng hiramin sa aklatan.

## Mga Karagdagang Donasyon sa Aklatan

Naitala at kinilala ng aklatan ang mga donasyon ng mga aklat, *music sheet* at *audio materials* na natanggap mula sa fakulti ng Unibersidad, alumni, at iba pang indibidwal noong nakaraang Hulyo hanggang Disyembre 2024. Ang mga donasyong ito ay nasuri ayon sa gamit, kaugnayan sa musika, at pisikal na anyo bago maisama sa koleksiyon. Kabilang sa mga nagbigay ng donasyon ay ang mga sumusunod:

| Date | Donor | Type of Material | No. of Titles |
|---|---|---|---|
| July 2, 2024 | Jonas U. Baes | Compact Discs (FI)<br>Music Scores (FI) | 2<br>1 |
| July 10, 2024 | Jocelyn T. Guadalupe | Thesis | 1 |
| July 12, 2024 | Jason M. Panuncio | Thesis | 1 |
| July 12, 2024 | Alyssa Nicole Banayos | Thesis | 1 |
| July 12, 2024 | Don Junie R. Sta. Maria | Thesis | 1 |
| July 12, 2024 | Julienne Selena H. Regalado | Thesis | 1 |
| July 12, 2024 | Kristine Lorraine T. Ferrer | Thesis<br>Phonorecord (FO)<br>Compact Discs (FO) | 1<br>1<br>9 |
| July 16, 2024 | Virginia M. Peters | Books (FO)<br>Music Scores (FO) | 16<br>6 |
| August 6, 2024 | Lester Demetillo | Music Score (FO) | 1 |
| August 22, 2024 | Nena Villanueva | Book (FO) | 1 |
| August 29, 2024 | Ma. Sherla Najera | Journals (FO) | 2 |
| October 1, 2024 | Dulce Punzalan | Music Score (FO) | 1 |
| October 3, 2024 | Jeel Constantino | Compact Disc (FO)<br>Reel Tapes (FO) | 5<br>10 |
| October 7, 2024 | Basilio Esteban D. Villaruz | Books (FO) | 23 |
| November 12, 2024 | Terresa Canon Garcia | Books (FI) | 9 |
| November 15, 2024 | Elena R. Mirano | Books (FO)<br>Journal (FO) | 4<br>1 |
| November 19, 2024 | Metti Jimenez | Books (FI)<br>Books (FO)<br>Music Score (FI)<br>Music Scores (FO) | 26<br>36<br>1<br>59 |
| November 20., 2024 | Anna Patricia R. Carranza | Compact Discs (FO) | 4 |
| November 28, 2024 | Rey E. De la Cruz | Book (FI) | 1 |
| November 29, 2024 | Jonas U. Baes | Music Score (FO) | 1 |
| December 9, 2024 | Institute of Creative Writing | Book (FI) | 1 |
| December 16, 2024 | Carolyn K. Cheng | Books (FO) | 2 |
| December 17, 2024 | Jonas U. Baes | Music Score (FO) | 1 |
| December 18, 2024 | Neal C. Robles | Books (FO)<br>Music Scores (FI) | 3<br>29 |

Filipiniana (FI) Foreign (FO)

## Mga Serbisyong Ekstensyon ng mga Kawani ng Aklatan ng Musika bilang *Usher o Front-of-House* (FOH)




Masayang nagsilbi bilang mga FOH sina Rizalina Balucos, Elyrose Saban, Shirley Sison, at Sheree Ann Laguatan sa AHA Concert Series na pinamagatang "Banyuhay: Songs of love, Hope, Inspiration, and Transformation" kung saan itinampok ang UP Madrigal Singers na ginanap sa David M. Consunji Theater, Institute of Civil Engineering, UP Diliman noong Setyembre 28, 2024.








Naging matagumpay din ang paglunsad ng aklat ni Prop. Emeritus Basilio Esteban "Steve" D. Villaruz noong Oktubre 16, 2024 sa Ignacio B. Gimenez-KAL BlockBox Theater, U.P. Diliman. Nagtanghal ang UP Dance Company, Kathleen Anne Sarreal, at mga propesor ng kolehiyo na sina Prop. April Dawnena Misa, Prop. Antonio Maigue, at Dr. Michelle Nicolasora.







Mga FOH: Nowella Pelayo, Fatima Manuzon, Rizalina Balucos, Sheree Ann Laguatan, Jomar Haz, Virgilio Liboon, Elyrose Saban, Deil Carandang, at Julienne Selena Regalado.






Mga FOH sa UP Symphony Orchestra (UPSO) "Mga Himig ng Entablado: Opera at Sarsuwela" na ginanap sa U.P. Theater noong Nobyembre 8, 2024.








Ang UPSO "Kampana ng Diliman" FOH Team: Janet Parcon, Rizalina Balucos, Sheree Ann Laguatan, RJ Balledos, Deil Carandang, Nowella Pelayo, at Fatima Manuzon na ginanap sa U.P. Theater noong Disyembre 14, 2024. Nakadalo rin si Dr. LaVerne De la Peña.

Ang AHA Concert Series na "Walang Sugat" sa direksyon ni Dr. Alegria O. Ferrer ay ginanap ng tatlong araw noong Nobyembre 26, 28, at 29 sa Benito Sy Pow Auditorium, U.P. Diliman. Naging miyembro ng FOH at Technical Team sina Sheree Ann V. Laguatan at Jomar L. Haz na kawani ng Aklatan ng Musika. Kasama rin si Ariane Karissa Domingo at Edmund Nerval.






Mga FOH: Sheree Ann Laguatan, Edmund Nerval, Eva Cadiz, Arianne Domingo, at Jomar Haz. Kasama rin sa larawan si Josephine Cecilia Baradas




"Tayo ay Mangagsi-awit: Pasko sa Diliman ay Sumapit" na itinanghal ng UPSO at ginanap sa U.P. Theater noong Disyembre 17 2024. Tampok sa konsiyerto ang kilalang *excerpts* mula sa Handel's Messiah at iba pang mga awiting pamasko.





## Recognition Rites 2024

Ang mga kawani ng Aklatan ng Musika na sina Sheree Ann V. Laguatan, Josephine Cecilia L. Baradas, Janet L. Parcon at Jomar L. Haz ay nagsilbing *ushers* at habang si Deil Martin T. Carandang ay naatasan para magsagawa ng *voiceover* sa naganap na ika-isandaang Pagtatapos ng Kolehiyo ng Musika, Unibersidad ng Pilipinas noong ika-29 ng Hulyo sa Cine Adarna, U.P. Film Institute. Ito ay may temang "Isang Siglo ng Musika, Sining at Pagmamahal sa Bayan."









# Partisipasyon sa mga Programa sa Kolehiyo ng mga Kawani ng Aklatan

## Abelardo Voices



Pinasimulan at inilunsad ang Abelardo Voices noong ika-isangdaan at walong taong anibersaryo ng Kolehiyo (Setyembre 2024) sa inisyatibo ng Dekano ng Kolehiyo ng Musika na si Dr. Ma. Patricia B. Silvestre. Binubuo ng kaguruan, kawani, at mag-aaral ang koro sa pangunguna at pagkumpas ni Dr. Arwin Q. Tan. Inawit ang "Bahay Kubo" at "Pong Pong Ginapong" kung saan nabanggit sa kanta ang mga sangkap sa pagluluto ng pinakbet na isa sa mga tanyag na pagkaing Ilokano. Gayundin, naimbitahan na magtanghal ang koro sa taunang Pag-iilaw (*Christmas Lighting Ceremony 2024*) na ginanap sa U.P. Diliman Oblation Plaza. Kabilang sa mga inawit ng koro ay "Ang Pasko ay Sumapit" (Vicente Rubi), "Himig Pasko" (S.Y. Ramos), "Noche Buena" (Felipe P. De Leon), "Misa de Gallo" (Julian Balita), "Pasko na Naman" (Felipe P. De Leon) at "Carol of the Bells" (M. Leontovich; isinalin sa Filipino ni Josephine Cecilia L. Baradas).









## Pagtataas ng Watawat



Tuwing unang Lunes ng buwan ay nagkakaroon ng "Pagtataas ng Watawat" sa Camerata Garden ng Kolehiyo ng Musika. Si Bb. Josephine Cecilia L. Baradas ay tumugtog sa piyano ng "Pambansang Awit" (Julian Felipe, Jr.) at "U.P. Naming Mahal" ni Nicanor Abelardo. Ang mga kawani ng aklatan ay dumalo sa gawaing ito (Agosto 5, 2024).



## Seminar on Blended Excel

Isa sa mga proyekto ng Komite ng UP College of Music Staff Development & Welfare sa pangunguna ng Administratibong Opisyal na si Gng. Eva G. Cadiz ay ang pagkakaroon ng pagsasanay at karagdagang kaalaman para sa mga kawani ng Kolehiyo ng Musika. Mula sa opisina ng HRDO, si G. Wilfredo Delfinado ang naging tagapagsalita upang talakayin ang mahahalagang paksa sa "Seminar on Blended Excel" (Nobyembre 26, 2024) na ginanap sa Aklatan ng Musika.



## Benchmarking

Nagtungo ang mga kawani ng Kolehiyo ng Musika sa pangunguna ng Administratibong Opisyal na si Gng. Eva G. Cadiz sa Pambansang Museo ng Pilipinas noong nakaraang ika-pito ng Agosto 2024 upang mag-*benchmark* at alamin ang kanilang mga *best practices*. Kabilang sa mga binisita ay ang mga sumusunod: *National Museum of Natural History, Fine Arts, Anthropology, Library, at NAMCYA Head Office*.




Layunin ng *benchmarking* na ito ay upang malaman kung angkop ang mga batayang kasanayan sa mga gawaing may kaugnayan sa iba't ibang aspeto ng trabaho at lalong mapaghusay ng mga kapwa-kawani sa kolehiyo ang pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin.

## Mga Karangalang Nakamit





mula sa kanan: Pres. Angelo A. Jimenez, Chancellor Edgardo Carlo L. Vistan II, Josephine Cecilia L. Baradas

Malugod na nakatanggap ng karangalan si Bb. Josephine Cecilia L. Baradas (UPD REPS Awards). Ito ang kauna-unahang pagkilala na sinimulan ng U.P. OVCRD para sa mga REPS ng UP Diliman na may mataas na produktibidad sa pananaliksik, ekstensyon, at serbisyong propesyonal. Ito ay ginanap sa U.P. G.T. Toyota Auditorium Asian Center noong ika-sampu ng Disyembre 2024.





Gayundin, si Bb. Sheree Ann V. Laguatan (Pinuno ng Aklatan) ay nagkamit ng karangalan bilang "Gawad Matulungin" sa nakaraang Kapanabay 2024. Ito ay isa sa mga parangal na iginagawad para sa mga *Non-Teaching Personnel* mula sa Gawad U.P. Kolehiyo ng Musika para sa natatanging paglilingkod. Kasama ni Bb. Laguatan si Dekano Ma. Patricia B. Silvestre.

# Pagdiriwang ng Linggo ng Kolehiyo

Sa pamamagitan ni Dr. Ma. Patricia B. Silvestre na kasalukuyang Dekano ng Kolehiyo ng Musika, nagdiwang ng ika-isandaan at walong taong anibersaryo noong Setyembre 4-13, 2024. Ang mga kawani ng aklatan ay sumayaw at nag-ehersisyo ng programang *Zumba* sa pangunguna ni Gng. Narea S. Molina mula sa tanggapan ng *U.P. HRDO* na ginanap sa Camerata Garden bilang paghahanda sa *College Week* (Setyembre 4).






# Alaala ni Sergei





Sa likod ng eskultura ni Nicanor Abelardo sa Camerata Garden ng kolehiyo ay ang larawan ng namayapang pusa (Oktubre 2023) na si Sergei (Rachmaninoff). Ito ay guhit at disenyo ni Dr. LaVerne David C. de la Peña (Setyembre 7, 2023) para sa U.P. College of Music Alumni Association fund raising. Larawan ni Sergei sa harap ng aklatan. Isa siya sa mga pumapasok sa aklatan bago pa maitayo ang Balai Meowsiko.




Josephine Cecilia L. Baradas

Matatagpuan sa Aklatan ng Musika ang piyano ni Nicanor Abelardo na ipinagkaloob ng kanyang pamilya sa Kolehiyo ng Musika noong Setyembre 25, 1985. Ito ay may sukat na 55.5 (taas) x 63 (lapad) x 27 (kapal) na pulgada. Bergstein – Berlin ang tatak nito.

Nagsimula ang piyanong ilagak sa Opisina ng Dekano noon sa panahon ng mga umupong dekano na sina Dr. Ramon P. Santos, Prop. Juan P. Ramos, Dr. Reynaldo T. Paguio, Prop. Mauricia D. Borromeo, Dr. Ramon Ma. G. Acoymo, Dr. Jose S. Buenconsejo, Dr. LaVerne David C. de la Peña. Sa kasalukuyan, ito ay inilipat sa aklatan sa pamumuno ni Dr. Ma. Patricia B. Silvestre dahil ito sa renobasyong ginawa sa Opisina ng Dekano. Ang piyanong ito ay nagsilbi ring atraksyon at nagamit sa *Music Library Matinée Series* noong Setyembre na may temang *"Abelardo-on-Abelardo."*





*Nicanor Abelardo Piano*

# Balai Meowsiko

Josephine Cecilia L. Baradas

Ang inagurasyon ng "Balai Meowsiko" bahay ng mga pusa sa loob ng kolehiyo ay ginanap noong Setyembre 6, 2024. Ang pagtatayo ng bahay ng pusa sa mungkahi ng Dekano Ma. Patricia B. SIlvestre at Cat Ad Hoc Committee ay may layuning matugunan ang seguridad ng mga kaguruan, mag-aaral, at iba pang mga kliyente na pumapasok sa loob ng kolehiyo. Ang sampung pusa ay may mga pangalan ng banyagang kompositor sa musika kagaya nina Verdi, Handel, Griegg, Schmitt, Thompson, Schumann, Schubert, Bernstein, Liszt, at Pretty (Pyotor Tchaikovsky). Mas naalagaan ang mga pusa at regular na nakakakain, nakakainom ng bitamina, at dumadaan sa regular na pagkakapon.
























*Photos from Community Animals Partners and Welfare Advocates (CAPWA)*

Si Bb. Josephine Cecilia L. Baradas at Dr. Michelle C. Nicolasora ang regular na nagpapakain sa mga alagang pusa ng kolehiyo. Sina Bb. Erica Abriol-Santos at ang kanyang ama na si G. Eduard Abriol-Santos ang regular na nagbibigay ng isang sako ng pagkain ng pusa kada isang buwan simula taong 2023 hanggang Marso 2025. Ang ibang kaguruan ng kolehiyo at ang grupong *Community Animals Partners and Welfare Advocates (CAPWA)* rin ay tumutulong sa donasyon ng pagkain at pagpopondo sa pagkakapon. Ang inisyatibo ng Opisina ng Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad ay may programa rin sa anti-rabies at libreng pagkakapon.

Ilan sa mga tagatangkilik at isponsor ng mga alagang pusa sa loob ng kolehiyo ay ang mga kaguruan: Dr. Michelle C. Nicolasora, Dr. Jonas U. Baes, Prop. Mary Katherine Trangco-Cabral, Prop. Anna Patricia R. Carranza, Prop. Mita Antonia S. Fernandez, Prop. Geraldine Marie B. Gonzales, Prop. David Dino S. Guadalupe, Dr. Jocelyn T. Guadalupe, Prop. Raymundo R. Maigue, Dr. LaVerne David C. de la Peña, Dr. Ma. Patricia B. Silvestre, Prop. Ma. Cecilia O. Valeña, at Prop. Desiree P. Medina; mga kawani: Hubert B. Fucio, Fatima C. Manuzon, Sheree Ann V. Laguatan, Deil Carandang, Janet L. Parcon, at Emmanuel P. Rullog; mga *janitor*: Sherwin Gandeza, Annabelle Paduit, Hansel Jan Pantillo, Meynard Baron; Onofre Hernandez, at Lilibeth Balolot; mga guwardya Randell Martinez at Emperatriz Llabore; mga mag-aaral: Marcelino Dela Cruz, Rex Padillo, Jordan San Jose, at Alyssa Nicole Banayos; at iba pang mga tumulong: Rosalinda Shook, pamilya ni Nelia Ebina, Randy Domingo, at mga miyembro ng CAPWA na nag-ampon.

Ang Cat Ad Hoc Committee ay binubuo nina Dr. Ma. Patricia B. Silvestre (Chair), Prof. Dr. Edna Marcil M. Martinez (Co-chair), Asst. Prof. Dr. Michelle C. Nicolasora (Co-chair), Prof. Dr. LaVerne David C. de la Peña, Assoc. Prof. Dr. Beverly Shangkuan-Cheng, Asst. Prof. Mary Katherine Trangco-Cabral, Bb. Josephine Cecilia L. Baradas at G. Emmanuel P. Rullog

**MANUNULAT**
Sheree Ann V. Laguatan
Josephine Cecilia L. Baradas

**DISENYO**
Deil Martin T. Carandang
Samantha R. Viana

**MGA KONTRIBYUTOR**
Jomar L. Haz
Nowella Kryzel O. Pelayo
Community Animals Partners and Welfare Advocates (CAPWA)

## LIBRARY STAFF



**Deil Carandang**
Librarian



**Josephine Cecilia Baradas**
University Researcher / Archives



**Sheree Ann Laguatan**
Head Librarian



**Janet Parcon**
Administrative Aide



**Jomar Haz**
Junior Library Aide

***UP Kolehiyo ng Musika Komite sa Wika 2024***

**Dr. Ma. Patricia B. Silvestre**
**Dr. Raul C. Navarro**
**Dr. Jose S. Buenconsejo**
**Dr. Nathan Neil V. Manimtim**
**Prop. Mary Katherine T. Cabral**
**Gng. Eva Garcia-Cadiz**
**Bb. Josephine Cecilia L. Baradas**

cmulibrary.upd@up.edu.ph
(632) 8981-8500 loc. 2634
@upcollegeofmusiclibrary
https://music.upd.edu.ph/UPCMULibrary.html



**Music Library Staff**



**Library Operating Hours**
8:00 AM to 6:00 PM
Mondays to Fridays



## A Message from the Head Librarian

Ang *College of Music Library* ay lubos na nagpapasalamat sa ating dekano, mga fakulti, mga kawani, at mga mag-aaral na sumuporta at patuloy na sumusuporta sa aming mga aktibidad at programa sa kolehiyo. Nawa'y patuloy kaming magsilbing katuwang ng kolehiyo sa mga susunod pang gawain upang lalong mapabuti at masuportahan ang mga pang-akademikong pangangailangan nito.

**Sheree Ann V. Laguatan**
Head Librarian